

Hot Water sa Tahanan Pinahuhusay ang efficiency ng hot water heaters sa tahanan

Regular na ina-update ng Lungsod ng Vancouver ang kanyang building code requirements habang humuhusay ang teknolohiya at mas maraming energy efficient equipment ang nagiging available.

Bilang bahagi ng Climate Emergency Action Plan ng Lungsod ng Vancouver, nangangako kaming bawasan ang carbon pollution (tinatawag ding greenhouse gases o emissions) mula sa bagong construction at mga building na nakatayo na sa Vancouver, dahil ang mga building ang siyang sanhi ng halos 60% ng emissions sa Vancouver.

Para itaguyod ito, nagmumungkahi ang staff ng mga pagbabago para lumipat sa higher efficiency equipment sa mga kasalukuyang detached homes kapag may gagawing malaking renovation, o kapag babaguhin ang isang hot water heater.

Sa kontekstong ito, ang “higher efficiency” ay nangangahulugang equipment na 100% efficient man lamang, kabilang na ang electric water heaters, electric heat pump systems, hybrid gas/electric systems, at high-efficiency gas heat pumps. Hindi kabilang dito ang karaniwang gas water heaters, condensing, o on-demand gas water heaters (kadalasang tinatawag na “high-efficiency”), dahil ang mga ito ay hindi 100% efficient.

Karagdagang detalye

Nais kumuha ng Lungsod ng feedback mula sa residents tungkol sa dalawang iminumungkahing pagbabago sa Vancouver Building By-law, at sa mga iminumungkahing eksepsiyon sa mga pagbabago:

1. Ang home renovations na mahigit sa \$75,000 ay hindi na irerequire na mag-upgrade ng airtightness at attic insulation, at sa halip ay irerequire lamang na palitan ng higher efficiency equipment ang kasalukuyang hot water heaters (magkakabisa sa Hulyo 2024);
2. Kapag pinalitan ang hot water heaters, ang kanilang kapalit ay dapat higher efficiency equipment (magkakabisa sa Enero 2025).

Mga ekspesiyon

Mayroon ding mga iminumungkahing eksepsiyon na magbibigay ng kaunting flexibility at magbibigay-daan sa madaling pagpapaptupad ng regulasyon na ito sa mga unang taon. Ang mga sumusunod na eksepsiyon kung saan hindi aaplay ang requirement na ito ay iminumungkahi:

- Emergency o hindi plinanong pagpalit ng equipment, habang dinaragdagan ng industriya ang kapasidad na ito bilang pagtugon sa replacements na gagawin sa parehong araw.

- Electric panel capacity na hindi sapat para ma-accommodate ang karagdagang electric loads mula sa electric equipment, habang nag-a-adapt ang industriya para bawasan ang pangangailangan na gumawa ng electrical upgrades.
- Mechanical room size na hindi sapat para ma-accommodate ang lugar na kinakailangan para sa higher-efficiency equipment, tulad ng kapag papalitan ang on-demand gas systems.
- Equipment na wala pang 3 taong-gulang simula nang pinahintulatang instalasyon, kapag ituturing na aksaya alamang ang replacement nito. Ang eksepsiyon na ito ay aaplay lamang sa renovation projects.

Mga benepisyo ng pagbawas ng emissions

Babawasan ng iminumungkahing updates sa equipment standards ang emission ng Vancouver emissions nang mga 7,300 tonelada bawat taon, bawat taon, oras na ito'y fully implemented (hanggang sa 22,000 toneladang reduction bawat taon pagkatapos ng tatlong taon ng implementation; ito'y katumbas ng pagtanggap ng 5,400 sasakyan sa kalsada).

Gastos

Ang gastos ng higher efficiency equipment ay maikukumpara sa karaniwang equipment ngayon.

- Ang electric hot water heaters ay may mas mababang installed costs kaysa sa karaniwang gas options.
- Ang gastos para sa electric heat pump costs ay katulad ng gastos sa condensing gas options at ang mga ito'y eligible para sa rebates.
- Ang buwanang gastos ng pagpapalakad nito (para sa isang pamilyang binubuo ng apat na tao) ay mula \$0 - \$9 increase kapay may conventional electric tank, hanggang sa \$15 savings sa heat pump (ang \$0 ay sa future \$170/t carbon tax).

Sabihin sa amin ang iyong mga puna

Ang Vancouver residents ay iniimbitang magbigay ng feedback para sa hot water equipment replacement requirements sa kasalukuyang detached homes sa pamamagitan ng:

- Pagkompleto sa aming maikling survey bago dumating ng Huwebes, Disyembre 7.

Kung mayroon kang anumang mga puna tungkol sa mga iminumungkahing pagbabagong ito, magpadala ng email sa:

green.buildings@vancouver.ca

Ang feedback ay gagamitin para sa mga iminumungkahing pagbabagong ito. Ang mga resulta mula sa survey na ito ay magiging available sa staff report sa Council sa simula ng 2024.